# Susi sa Pagbabago

Ang pagtitiwala ba sa taong mahal mo ay nakikita sa kanyang mga ginagawa? O dapat niya ba itong ipadama? Pag-ibig nga naman. Kapag tumibok ang puso di mo na ito mapipigilan. Iyan ang nangyari sa akin. Pagtama ni kupido wala na akong nagawa. Pero bago ko mahanap ang “tunay na pag-ibig”, kung kanilang tawagin, nangyari sa akin and di ko makakalimutang pangyayari sa aking buhay.

Magtatakipsilim na nang matapos kami ng mga kaklase ko sa aming duty sa ospital. Ako ay isang nursing student at malapit nang magtapos sa kolehiyo. “Be, be” ang sampit sa akin ng tatlong araw ko palang na boypren. “Umuwi na tayo” ang sabi niya. Magkaklase kami ng boypren ko at sa paaralan na kami nagkakilala. Matangkad, kayumanggi at gwapo; ika nga “tall, dark and handsome”. Pero sumpungin; madaling magalit, seloso at higit sa lahat sensitibo. Papauwi na kami nang nag-aya siya na dumaan sa isang eskinita upang mag short-cut. Habang sabay na naglalakad, tanaw ko na sa malayo ang mga nag-iinumang kalalakihan. Malalakas na halakhakan ang aking naririnig. Parang may kung anong masamang mangyayari ang pumasok agad sa isip ko. Napahawak ako sa bisig ng aking boypren at pabulong na nagdasal.

Papalapit na kami nang tumayo ang isang lasing-na-lasing na lalaki. Napakalagkit kung tumingin sa akin at may may nakakatakot na ngiti. Linapitan niya ang boypren ko at sinuntok sa tiyan ng malakas. Halos napaluhod ang boypren ko at namumuo na ang luha sa kanyang mga mata. Sumigaw ako ngunit walang ibang tao ang naroon upang tumulong sa amin. Hinablot ako ng dalawang lalaki at hinawakan ng mahigpit ang aking mga kamay. Di ko naramdaman ang aking katawan dahil sa panghihina. At ang pinakanakakuha ng aking paningin ay ang pagtakbo ng boypren ko papalayo. Di ko akalaing magagwa niya akong iwan. Tumulo ang luha sa aking mga mata at ako’y napapikit.

Pagkadilat ko sa aking mga mata tirik na tirik ang araw nang aking makita. Nakita ko rin ang aking sarili na walang saplot sa katawan. “Nagahasa ako!”, bulong ko sa aking sarili. Napaka walang hiya ng mga lalaking iyon. Wala silang ibang magawa kundi manira ng buhay. At higit pa sa lahat ang pinagkakatiwaalan kong boypren ay walang ginawa upang ako’y tulungan. Dinampot ko ang aking damit at dali-daling nagbihis at tumakbo pauwi ng bahay. Di ako makapagsalita dahil sa kahihiyan. Pumasok ako ng bahay at tumungo agad sa aking silid at doon nagkulong. Di ko sinabi sa aking mga magulang kung ano ang nangyari. Di rin muna ako pumasok ng paaralan. Pumapaibabaw na sa akin ang poot at galit sa mga lalaki. “Lahat ng mga lalaki ay masasama, bastos at hindi dapat pagkakatiwalaan”, tugon ko sa aking sarili.

Dalawang linggo ang lumipas nang napag-isipan kong pumasok na ng paaralan upang di makaligtaan ang aming mga leksyon. Pagpasok ko pa lamang sa silid-aralan ay tilian na ng mga babae kong kaklase ang aking na datnan. May bago kasing lipat na estudyante na kakagaling sa Japan. Siya si Eman. May pagka chinito, maputi at maamo ang mukha. Tahimik siya sa klase ngunit napakatalino sa halos lahat ng asignatura. Magkatabi kami ng inuupuan subalit ayaw kong makihalubilo sa kanya dahilan ng aking pagkamuhi sa mga lalaki. Walang pinagkaiba ang lahat ng mga lalaki para sa akin.

Isang araw, nakasalubong ko ang mga lalaking pamilyar ang mga mukha. At napagtanto ko na sila ang mga nang gahasa sa akin. Takot na takot ako. Halos nanlalamig ang katawan ko na iinisip kung gagawin na naman nila ang ginawa nila noon sa akin. Papalapit na sila nang may tumalon sa king harapan mula sa likod. Pinatumba ng lalaking iyon ang lahat ng mga kalalakihan. “Si Eman”! Niligtas niya ako, ang aking sigaw. “Ayos kalang ba Bea?”, ang kanyang tanong. Mangiyak ngiyak akong nagpasalamat sa kanya. May lalaki pa palang may kabutihang loob. At sa pangyayaring iyon ko napag-alaman na isa pala siyang black-belter sa taekwondo. Nag-usap kami ukol sa mga lalaking iyon. Sinabi ko sa kanya ang lahat ng nangyari. Pinayuhan niya ako na sabihin ang nangyari sa aking mga magulang at upang makulong din ang mga nang gahasa sa akin. At sinamahan niya ako pauwi ng bahay. Nasabi niya rin sa akin na lumipat na raw ang aking boypren ng ibang paaralan. Ang pagtitiwala ko sa gagong iyon ay kanyang sinira. Ngunit bago pa uminit ang aking ulo ay biglang hinawakan ni Eman ang aking mga kamay at sabay sabi, “Ayos lang iyan Bea, nandito na ako at wala nang mananakit sa iyo”. At pumasok na kami ng bahay.

Pagkarinig ng tatay at nanay ko sa nangyari sa akin ay nag file agad sila ng kaso sa prisinto. Siyempre, suportado ito ni Eman. At sa ilang araw na paghihintay ay sa wakas nahuli rin ang mga salarin. Di ito mangyayari kung wala si Eman.

Lumipas ang panahon at dumating na rin ang araw na aming pinakahihintay. Graduation na at ako ay tuwang tuwa dahil nalampasan ko ang pangyayaring gumimbal sa aking buhay. Si Eman ay nagtapos bilang summa cum laude at ako naman ay cum laude. Napakabait niya sa akin. Siya ang susi sa aking pagbabago. Lugmok pa rin ako sa kahihiyan at kalungkutan ngayon kung hindi siya dumating sa aking buhay.

Ngayon, pareho na kami ng ospital na pinagtratrabahuan. Ayos naman ang aming natatanggap na sahod. Isang araw habang kumakain kami sa isang restaurant ay nag-order si Eman ng keyk para sa akin. Pagkakain ko sa keyk ay may nakagat akong matigas na bagay. At bigla kong nakita ang isang sing-sing. Biglang namumulang ngumiti si Eman sa akin.

~WAKAS~

143SuperBOY. Copyright © 2012 . All rights reserved